# RETIRADO

**Bernardo O. Aguay Jr.**

*Wala kang matatagpuang pagkakamali kapag sinuri mo ang iyong puso, kung gayon bakit ka matatakot magmahal?—Confucius*

KAKAIBA ANG UMAGANG ito para sa 81 anyos na retiradong si Mang Elias Evangelista. Malabo kasi ang sinag ng araw mula sa salamin ng bintana. May lambong din ang usbong ng silangan sa umagang ito. Nagbabadyang tamarin ang araw sa pagsabog ng liwanag dahil ang kapatagang nasa paanan ng Mt. Isarog—ang pinakamalawak at matayog na bundok sa Camarines Sur—hanggang doon sa mga bayan-bayan, maging sa Lungsod ng Naga ay nakukumutan ng makapal na ambon na may hatid na halumigmig ng unang araw ng Setyembre. Sinabayan pa ito ng maagang pagpapatugtog ng *Christmas in Our Hearts* ni Jose Mari Chan mula sa stereo ng nagdaang pedicab sa labas ng bahay ni Mang Elias.

Kaarawan ngayon ni Mang Elias at may hinahanap siyang hindi niya naman matukoy dahil sa malakas na awitin sa kabilang bahay na madalas patugtugin ng 76 taong gulang na retirado ring si Mang Simon Salvador. Kinagawian ni Mang Simon na buksan ang stereo at magpatugtog nang malakas tuwing umaga. Diumano'y pantaboy ito sa masasamang espiritu na maaaring nakapasok sa bahay dahil kinagiliwan ang katahimikan ng nagdaang gabi. Hindi mapamahiin si Mang Elias. Sa kanya, ang lahat ng bagay ay maaaring ipaliwanag ng siyensiya. Kung hindi man sa panahong ito matagpuan ang sagot, maaaring sa susunod na henerasyon. Basta sa kanya, lahat ay may dahilan at paliwanag.

Para kay Mang Elias, ang ginaw ng umagang ito ay hindi lamang nagmumula sa nakalatag na mababang ulap, hindi rin lamang dahil sa nalalapit na kapaskuhan kundi sa pag-iisa. Sa pangitain ng pagtatakipsilim ng buhay. Bangungot ito ng taglagas. Ipinipilig ni Mang Elias ang ulo kapag sumasagi ang pangitaing ito. Ayaw

niyang lamunin ng bangungot bagaman nagdudumilat ang katotohanang nag-iisa nga siya. Lalo ngayong umaga, sa loob ng kanyang silid-tulugan.

Masikip ang kanyang dibdib at habol ang hininga sa pagitan ng pag-ubo. Hindi na niya malaman kung lalamunan, baga, o puso ang binabarahan ng kumpol ng hangin.

Titig na titig si Mang Elias sa teleponong nasa ibabaw ng mesitang katabi ng kamang may bahaw pang init na likha ng magdamag. Sa tabi ng telepono ay may kapirasong papel kung saan nakasulat ang mga hotline numbers ng pulis, bombero, ospital, LPG supplier, atbp. Inabot niya ang awditibo. Bumuntonghininga. Pilit na kinontrol ang boses. Tinipa ang numero ng Bicol Medical Center. Narinig niya ang unang ring ng tinawagang linya. Bumuntonghininga uli. Tumingala sa kisame at naghintay na may dumampot sa kabila. Namataan niya ang butiki sa kisame. Tila ginagaya nito ang pagtingala niya. Tulad niya, naghihintay rin ito ng susunod na mangyayari. Sumagi sa kanyang isip ang isa niyang estudyante sa seminaryo na pilit naghahanap ng pilosopiya sa mga butiki dahil butiki lamang ang hayop na humahalik sa lupa tuwing alas sais ng gabi. Wika niya sa estudyante, kung nabibighani ito sa butiki, bakit hindi sa bulateng buong buhay ay yakap ang lupa? Hindi man makita ng bulate ang pangingitim ng papawirin at ang paparating na ulan, lumilitaw ito upang salubungin ang ulan. Kahit pa kadalasan, hindi naman magtatagumpay ang bulate, dahil bago pa bumagsak ang ulan, natuka na ito ng manok o kaya'y pinag-agawan na ng mga langgam.

Ngayong pareho silang nakatingala ng butiki, naisip ni Mang Elias, nasaksihan kaya ng butiki ang buong pangyayari kagabi o ang lahat ng pangyayari sa silid-tulugan niya mula nang lumipat siya sa subdibisyong ito?

Napatda si Mang Elias at naputol ang ibang isipin nang tumigil ang ring sa kabilang linya. Sumagot ang hotline attendant ng BMC. Binigkas nito ang karaniwang opening spiel. Humugot si Mang Elias ng isa pang buntonghininga, bago sinabing patay na si Simon Salvador.

Gumaralgal ang boses ni Mang Elias matapos banggitin ang address na Lot 1, Block B, Progress Homes, Canaman, Camarines Sur. May mga kasunod pang itatanong ang attendant. Kabisado ang mga iyon ni Mang Elias ngunit hindi na niya pinagkaabalahang sagutin. Nanginginig niyang ibinaba ang telepono. Tila kidlat na sumulpot sa isip ng matanda ang humaharurot na ambulansiya at ang mga eksena bago pumanaw si Mang Simon.

Si Mang Elias kasi ay nakatira lamang sa kabilang bakod, sa Lot 1, Block A ng Progress Homes. Ito ang kauna-unahang subdivision na itinayo sa Canaman, Camarines Sur. karatig-pook lamang ito ng Lungsod ng Naga na siyang sentro ng

komersiyo ngunit napag-iwanan sa pagde-develop ng mga subdivision. Di tulad ngayong tila mga kabuting kabi-kabila ang pagsulpot ng mga subdivision, gusali, at mga malls.

Parehas silang nasa kanto ng dalawang blocks. Ang naghihiwalay lamang sa kanila ay isang manipis na bakod na ampaw ang pagkakayari. Kahit matanda, kaya itong pabagsakin sa ilang pukpok lamang.

Naunang magtayo ng bahay si Mang Simon sa Block B at isinagad niya sa bakod ang dingding ng bahay. Kalahati ng isang bungalow ang kanyang pagkakadisenyo sa bahay at mga poste, dingding, bintana at pintong panlabas lamang ang ipinagawa niya sa mga construction worker. Siya na ang nagtapos ng iba. Dati kasi itong kantero bago nakatapos ng Practical Arts at naging titser sa Naga Central School. Ginamit ni Mang Simon ang optional retirement age na 55 at ang lote sa subdivision ang bunga ng lumpsum na natanggap sa GSIS. Ang loob ng bahay ay pinagtiyagaan na lamang nitong pandayin. Wika ni Mang Simon, malaki ang matitipid kung sasarilinin ang trabaho. Aayon na ang resulta sa disenyong nais niya, hindi pa sasakit ang ulo niya sa kababantay sa mga manggagawa. Lalong hindi siya makukunsumi sa mabagal na kilos ng mga manggagawa lalo na't arawan ang bayad sa kanila at hindi naman pakyawan. Hilig talaga kasi ni Mang Simon ang konstruksiyon. Sinadya niyang idikit sa bakod ang silid-tulugan. Ang kusina, sala at kainan ay pinaghihiwalay lamang ng divider na yari sa kawayan—iyong nabibili sa tabi ng lansangan.

Kung nakapag-asawa si Mang Simon, doble ng espasyong ito ang kailangan niya para sa pangarap na dalawang anak at ng kanyang naging kasintahang guro.

Usap-usapan sa paaralan na nagkaroon si Mang Simon ng karelasyong maestra na tinulungan niyang makapag-abroad. Nangako raw ang maestra na kapag nakaipon ng malaking salapi, babalik na ito at sila ay magpapakasal. Ngunit kalauna'y dumalang ang komunikasyon ng dalawa hanggang sa nalusaw ang pangarap na ito sa pag-usad ng panahon. Namalayan na lamang ni Mang Simon na ikinasal na pala siya sa kanyang propesyon at ang kanilang naging supling ay di mabilang na mga estudyante. Nang may nakapagkuwento sa kanya hinggil sa optional retirement, sinunggaban niya agad ito at kinumbinsi ang sariling sapat na ang kanyang serbisyo-publiko. Ang natitirang panahon ay iuukol na lamang niya sa kanyang sarili habang malakas pa ang katawan.

Nang matapos ang pagpapagawa sa bahay, ipina-landscape ni Mang Simon ang bakuran at harapan nito. Maliban kasi sa pagkukumpuni, hilig din ng matanda ang pagtatanim ng ornamental plants. Naniniwala kasi si Mang Simon sa salita ng kanyang yumaong ina na ang kamalasan at karamdamang dumaraan ay sinasalo muna ng mga halaman bago kumapit sa katawan ng tao. Ang hindi matatawarang

talaan ng mahahabang buhay ng kanyang angkan ang nagpatatag ng paniniwalang ito ng kanyang nanay.

Galing sa angkan ng mga guro ang pamilya ni Mang Simon. Una sa kanila ang pagsisilbi sa komunidad bilang guro na madalas nagiging dahilan para makaligtaan ang pagpapamilya. Dumating man ang pagkakataon na lumagay sa tahimik, kadalasan, nangyayari ito sa katanghalian ng edad. Dahil dito, matanda na kung mag-asawa ang mga kamag-anakan niya at iisa lamang ang nagiging anak. Ang kanyang ama't ina na parehong guro ay pumanaw nang maaga. Ang tanging habilin ng mga ito ay makapagtapos ang kaisa-isang anak at makapagturo rin. Wika ng kanyang ina, ginintuan ang takipsilim sa buhay ng guro dahil sa yugtong ito nagbabalik ang aral na natutuhan mula sa mga estudyante.

Totoo kay Mang Simon ang lahat ng salita ng kanyang ina. Nang magretiro siya, napagtanto niyang kung magkakasakit, may dating estudyanteng doktor na ngayon at nurse na handa siyang tulungan. Kahit saang establisimyento, may matatagpuan siyang dating mag-aaral. Subalit likas kay Mang Simon ang pagiging independent. Hindi ito palaasa sa tulong ng iba. Prinsipyo ni Mang Simon na maging responsible sa sarili. Para sa kanya, isang kapintasan ang umasa sa iba, maging sa sariling asawa at anak. Lagi kasing pinangingilagan ni Mang Simon ang sasabihin ng ibang tao.

Isang hapon, habang abala si Mang Simon sa pagdidilig ng mga bagong lipat na mga rosas, nag-ocular visit si Mang Elias. Sa edad na 65, isa na rin itong retiradong guro ng seminaryo. Habang ipinapaliwanag ng realty adviser ang kagandahan ng lote, nakatingala si Mang Elias sa porma ng bahay ni Mang Simon. Sinabi ni Mang Elias sa realty adviser na itanong kay Mang Simon kung sino ang nagtayo ng bahay nitong mukhang kalahati ng isang bungalow. Inabutan ni Mang Simon ng calling card ng construction firm ang realty adviser. Itinanong din ng realty adviser kung maaring isusog ng prospek ang bahay nito sa disenyo ng bahay ni Mang Simon. Sinagot lamang ito ni Mang Simon ng bahagyang tango, saka pumasok ng bahay.

Pagkaraan ng isang buwan ay yari na ang bahay ni Mang Elias na sumusog nga sa disenyo ng bahay ni Mang Simon. Kung tatanawin, mistulang iisang bahay na bungalow ang kinalabasan ng mga estrukturang nakatayo sa dalawang lote. Pati kulay ng pintura sa bubong at dingding ay ginaya ni Mang Elias. Sa malapitan naman, tanging ang bakod na may rehas ang pagkakakilanlan sa dalawang bahay.

Naging tampulan ng usap-usapan ang di pagkikibuan ng dalawang matanda pagkatapos makalipat ni Mang Elias. Wika ng ilan, ikinagalit daw ni Mang Simon ang panggagaya ni Mang Elias sa bahay nito, kaya hindi na nagtaka ang mga kapitbahay nang marinig na umiiral na naman ang pagiging kantero at karpintero ni Mang Simon. Dinig na dinig kasi hanggang sa bukana ng subdivision ang maso, martilyo, at

lagari nito na pihadong binabago ang loob ng bahay. Marahil, wika ng mga usyosera, minabuti ni Mang Simon na baguhin ang loob ng kanyang bahay at baka ginaya rin ni Mang Elias.

Ang ganitong usapin ay uminog lamang sa isip ng mga tagaroon na mahilig maglubid ng mga sapantaha tungkol sa di pagkakaunawaan ng dalawang matanda. Ngunit sa tuwing mababanggit ang mga usaping ito kay Mang Elias, tumatawa lamang ito kasunod ng salitang, "Kayo talaga, hindi na nasanay kay Simon." Nang si Mang Simon naman ang natanong minsan ng isang driver ng pedicab na makati rin ang dila, pinandilatan lamang ito ng matanda. Mula noon ay umiwas na ang mga tagaroon na usisain si Mang Simon.

Magkaparehas man ang disenyo ng bahay, kapansin-pansin sa komunidad ang pagkakaiba ng dalawang balkonahe. Kay Mang Elias ay nalilibot ng kabinet na puno ng mga aklat; kinahiligan kasi nito ang pagbabasa ng mga aklat na akda ng mga Pilipino. Mangilan-ngilan lamang ang mga banyagang aklat tulad ng mga aklat ni Pablo Neruda, Gabriel Garcia Marquez, James Redfield at ilang di gaanong kilalang mga may-akda. May isang book shelf na nakalaan sa mga Bikolanong manunulat. May isang *butaka*—upuang yari sa abaka na may mga nahihilang bahagi sakaling gustong humiga—at dito pinalilipas ni Mang Elias ang mga bakanteng oras, maging ang paghihintay sa kung ano pa mang darating sa pagtatakipsilim ng kanyang buhay.

Puno ng halaman naman ang balkonahe ni Mang Simon. May isang mesang maliit at upuang yari sa bakal na laging may nakapatong na bolpen at papel. Sa isang tabi ay may tumba-tumba kung saan makikita ang matanda lalo na kung katatapos pa lamang ng pananghalian o kung maalinsangan sa loob ng bahay. Mapag-anyaya ang preskong hangin na naglalagos sa pagitan ng mga dahon ng halaman sa balkonahe, at doon, habang iniuugoy ng tumba-tumba, pinauunlakan ni Mang Simon ang antok.

Ito ang inaalala ni Mang Elias nang malaglag ang awditibo ng telepono na hindi pala niya nailapat kanina gawa ng panginginig ng kamay. Iniutos ng kanyang nag-aagaw na ulirat na pulutin ang nahulog na awditibo samantalang inuutos din ng kanyang utak na unahin ang pag-inom ng gamot na nasa mesita katabi ng telepono. Napaupo siya sa gilid ng kama, kumakalog ang mga tuhod, nawawalan ng lakas. Inabot niya ng isang kamay ang nakapatong na gamot. Kay Mang Elias, isang malaking biro ang pagtanda at panghihina ng katawang binabalot ng kulubot na balat pagkalipas ng maraming taglagas na dumaan sa kanyang buhay. Nakapagtatakang maging ang pagbubukas ng pilak na sisidlan ng gamot ay hindi ngayon mapagsabay ng kanyang motor coordination. Malaki ang tiwala ni Mang Elias sa mga doktor kaya malaking bahagi rin ng kanyang pension ang nakalaan sa checkup at gamot. Ni minsan, hindi nakaligtaan ni Mang Elias ang dumaan sa drug store tuwing araw ng pamamalengke.

Una't ikatlong Lunes ng buwan ang kanyang araw ng pamimili. Ito rin kasi ang araw kung kailan dumarating ang pension.

Minsan, nagkasabay ang dalawang matanda sa pamamalengke sa Robinsons Department Store—ito ang paboritong bilihan ng dalawang matanda na nasa isang mall sa Naga. Ito lamang kasi ang one-stop-shop na malapit sa sakayan ng jeep pauwi sa Progress Homes. Pagkatapos mamili ay maaaring iutos sa mga sales boy na buhatin at ihatid ang mga pinamili sa paradahan ng jeep. Kung ang push cart ni Mang Simon ay napupuno ng karneng baboy, karneng baka, karneng manok, at iba pang groceries na kakailanganin niya sa loob ng dalawang lingo, ang push cart naman ni Mang Elias ay halos mapuno ng gulay at mga prutas, at iba pang mga natural na sangkap sa pagluluto. May mga pagkakataong hindi naiiwasan ng dalawang matanda na magbatian lalo na't natataon na magkasunod ang push cart nilang dalawa sa terminal ng Senior Citizen lane. Tinatanguan lang nila ang isa't isa. Ngumingiti si Mang Elias pero dagling napuputol kapag mabilis na ibinaling ni Mang Simon ang sarili sa ibang bagay, tulad ng paghahanap ng kahuli-hulihang kusing sa isinukli ng cashier. Minsa'y nakipag-away pa si Mang Simon dahil ginawang panukli ng cashier ang kendi para punuan ang kulang na dalawang piso. Katakot-takot na litanya ang ginawa ng diabetic na matanda. Nagkataong kasunod nito si Mang Elias. Para maputol na ang sermon ni Mang Simon, binigyan ni Mang Elias ng 3 piso ang cashier kapalit ng buong limang piso. Ngunit hindi ito kinuha ni Mang Simon. Nagmamaktol pa itong tumalikod habang umaangil na napakalaking tindahan daw ng Robinsons para maubusan ng panukling barya.

Kasabay ng ID sa Senior Citizen at transaction booklet, mahabang listahan ng gamot ang laging dala ni Mang Elias sa Mercury Drug. Iniaabot lamang niya ito sa isang attendant at ibabalik ito sa kanya na kumpleto na ang ipinamiling vitamins, gamot sa high blood, gamot sa blood sugar, paracetamol, gamot sa ubo, pain killer, etc. Ni minsan ay hindi nakaligtaan ng matanda ang Aspirin. Kabilin-bilinan kasi ng doktor na kung makaramdam ng atake sa puso ay uminom ng limang tableta nito. Pinaninipis daw ng Aspirin ang dugo at tinutulungang guminhawa ang daloy ng dugo sa puso. Bagama't may contraindication ito sa may ulcer—maaring maging sanhi ng pagdurugo—natural na huwag munang pansinin ang ulcer kaysa sa mamatay sa atake sa puso. Ayaw nang hintayin ni Mang Elias ang atake sa puso, kaya ginawa niyang araw-araw ang pag-inom ng Aspirin upang palagiang kontrolado ang paglapot ng kanyang dugo. Noong una'y nahihirapan ang kanyang bulsa sa presyo ng Plogrel na kumokontrol sa viscosity ng dugo. Hanggang sa natuklasan nga niya ang aspirin na piso lamang ang halaga ngunit parehas ang dulot na ginhawa.

Si Mang Simon, ni minsan ay hindi nakitang bumili ng gamot. Bagama't mahilig itong kumain ng karne, ehersisyo at gardening naman ang kanyang pambawi. Ugali kasi nito ang araw-araw na brisk walking sa umaga. Iniikot niya ang dalawang blocks ng subdivision nang lima hanggang sampung beses bago pumasok sa tarangkahan ng kanyang bahay. Minsan, gawa marahil ng pagod o pagkahilo, napagkamalan nito ang bahay ni Mang Elias, kaya tuloy-tuloy na pumasok sa tarangkahan at mabilis na tinungo ang balkonahe. Biglang tumigil si Mang Simon nang makita ang mga kabinet ng aklat. Siya namang paglabas ni Mang Elias na naka-apron at may hawak na siyansi. Nagluluto siya ng almusal nang marinig ang pagbukas ng gate. Nakangiti si Mang Elias habang nakatingin kay Mang Simon, na sa kauna-unahang pagkakataon ay naligaw sa kanyang bakuran. Ikinaway ni Mang Elias ang hawak na siyanse, inaalok ang matandang tumuloy. Nagpalinga-linga si Mang Simon. Namataan nitong may mga nagdaraang kapitbahay na nakatingin, kaya mabilis at malakas na nagsalita: babayaran na raw niya ang dalawang pisong sukli na inabono ni Mang Elias sa Robinsons, dahil may barya na siya. Sinadya ni Mang Simon na lakasan ang pagkakasabi kaya napalingon ang mga mausyosong kapitbahay. Matapos mag-abutan ng barya ang dalawang matanda ay mabilis na lumabas ng bakuran ni Mang Elias si Mang Simon. Agad itong bumalik sa sariling bahay.

Natawa si Mang Elias dahil hindi nakaligtas sa kanyang pang-amoy na nagkamali si Mang Simon ng pasok ng tarangkahan. Isa pa, mahigit limang taon na ang nakakalipas nang mangyari ang insidenteng nag-abono siya ng tatlong piso sa Department Store. Bago pa nakapasok sa sariling tarangkahan si Mang Simon, nagwika ang isang kapitbahay na nagmamasid: mahirap daw talagang may kamukha ang bahay. Sa kauna-unahang pagkakataon, nakita ng mga taong ngumiti si Mang Simon. Nagkataon naman na noong umagang iyon, bago mag-brisk walking, nakalimutan nitong isuot ang pustisong magdamag na nakababad sa basong may tubig.

Ang maling pagpasok sa tarangkahan ni Mang Elias at ang mabilis na paglinga-linga sa paligid ay malaking usapin para kay Mang Simon. Ang hindi pagkakaroon ng kasintahan ni Mang Simon pagkatapos siyang iwan ng dating karelasyon ay nagbigay ng malaking bahid sa kanyang pagkatao. May mga nagsasabing baka binabae siya. Ngunit kailanman ay hindi nagkaroon ng pruweba ang ganitong mga tsismis. Para kay Mang Simon, bagama't nitong dalawang nakaraang dekada ay naglitawan ang pagiging bukas ng komunidad sa homoseksuwalidad, laging pangit ang usaping ito sa mga taong makikitid ang isip. Laging may pinagtatawanan at tampulan ng tukso ang mga taong pumipili ng ganitong buhay.

Para kay Mang Simon, mahirap na ang matsismis lalo ngayong dumarapithapon na ang kanyang edad. Bagama't di naman sarado ang isip niya at umiiwas na makasakit

ng kalooban ng iba, lalo na sa kanyang mga estudyante noon na nagpapakita ng senyales ng homoseksuwalidad. Lagi niyang ipinangangaral sa mga ito na kapag pinili ang gayong buhay dahil hindi mapigilan, ay ilihim na lamang at huwag nang ipangalandakan sa lipunan. Obligasyon kasi ng mga guro na iwasang bansutin ang kaisipan ng mga mag-aaral dahil lamang sa kanilang seksuwalidad.

Batid naman ng lahat na kaswal lamang na makitang maging magkaibigan ang dalawang retiradong matanda at magkapitbahay pa. Gayunman, iniiwasan pa rin ni Mang Simon na pag-ugatan pa ito ng ibang tsismis.

Wala naman sa hinagap ni Mang Elias ang ganoong impresyon. Natural sa kanya ang pagiging magiliw at bukas sa pakikipagkaibigan. Tubong Negros si Mang Elias at sampung taong gulang pa lamang siya nang maulila sa magulang at kupkupin ng isang paring nadestino sa Bikol. Dito na siya nakapagtapos ng pag-aaral at nanilbihan bilang guro sa Holy Rosary Minor Seminary at Universidad de Santa Isabel. Mahigit tatlumpung taong nilagari ni Mang Elias ang pagtuturo ng Pilosopiya at Wika sa dalawang paaralang ito. Bago pumanaw ang kumupkop na pari, nagbilin itong patuloy pa rin siyang mag-discern upang malaman kung tinatawag siya ng Diyos na magpari. Sa una'y binigyan niya ito ng pansin, ngunit kalaunan, nawala rin sa kanyang isip. Marahil, ang matagal na pakikihalubilo sa mga seminarista, madre, at mga pari ang nagbunsod kay Mang Elias na huwag nang mag-asawa. Sa kanyang pagkawili sa pagtuturo, hindi niya namalayan ang pag-usad ng panahon. Hanggang isang umaga, naaalimpungatan siya at napagtantong malapit na pala siyang magretiro.

Noon siya napaisip kung saan ba niya gugugulin ang nalalabing mga araw ng kanyang pagtanda. Hanggang sa natagpuan niya ang sarili sa isang subdivision. Dito niya iginugol ang mahigit isang dekada ng kanyang pagiging retirado. Kung ilang beses na pagtaas ng presyon ng dugo, pagtaas ng blood sugar, pagpalit ng salamin dahil sa patuloy na paglabo ng mata. Tulad ng umagang ito. Suot niya ang salamin ngunit hindi niya maaninag ang Aspirin, kahit nagawa na niyang buksan ang pilak nitong sisidlan. Hirap na hirap, ngunit nagawa pa rin niyang ilaglag sa di-gaanong maibukang bibig ang tablet. Tanging memorya na lamang ang pinairal upang abutin ang baso ng tubig na laging nasa mesita. Iniutos ng utak niya na igalaw ang kamay upang mahawakan ang baso. Ngunit may utak din yata sa umagang ito ang baso. Inutusan nito ang sariling mahulog mula sa kanyang mga kamay at bumagsak sa sahig. Lumikha ito ng mahina ngunit nakatutulig na tunog. Napanganga siya, habol ang hininga sa tila di-madipang distansiya ng pakikipagkarera sa buhay at kamatayan. Sinasabi ng kanyang utak na bumangon ngunit bagsak na ang kanyang katawan. Sabi ng doktor noong huling checkup niya na nahuhulog ang kanyang timbang. Nais niyang sabihing nagsisinungaling ang doktor. Kung totoo ang sinasabi nito, e bakit

napakabigat niya ngayon? Sa loob ng 5 minuto ay darating na ang ambulansiya ng BMC para kunin ang bangkay ni Mang Simon at siya naman ay maaabutang inaatake sa puso. Natural, lalapatan siya ng first aid para ma-revive. Ngunit mas matindi ang pangamba niya sa posibilidad na abutan siya ng medical team na malamig na bangkay.

Bumalik sa kanyang alaala ang nangyari kagabi. Habang malakas ang tugtog ng stereo sa bahay ni Mang Simon, at pumapailanlang sa hangin ang awiting *The Prayer* na version ni Josh Groban at Celine Dion, sigurado siyang hindi pa pumapalya ang kanyang memorya. Ni minsan, hindi nagpatugtog ng stereo si Mang Simon sa gabi. Ang musika kay Mang Simon ay panggising sa umaga, pampabilis ng tibok ng puso at pampalukso ng dugo. Maingay at mabilis na tempo at ritmo ng musika, mas maganda. Sinasabayan pa ito ni Mang Simon ng boksing sa hangin, bagaman pansin na ang edad sa bigwas at suntok dahil nakausli na ang mga kanto ng bisig at balikat. Hindi kailanman nahilig ang matanda sa malulumanay na awitin tulad ng *The Prayer*. Kasabay ng pagtataka ni Mang Elias sa pagkarinig sa musikang ito sa lumalalim na gabi, biglang tumigil ang stereo at pumalit ang awiting *Happy Birthday*. Napangiti si Mang Elias. Tiningnan niya ang kalendaryong nakasabit sa dingding at pilit na inaalala kung sino ba ang may kaarawan ngayon. Pilit hinahanap sa nagririgodong memorya kung nasaan sa kalendaryo ang kanyang kaarawan. Kung ilang beses pang inulit ang tugtog na iyon ni Mang Simon bago ito nagpatay ng ilaw sa buong kabahayan. Napilitan si Mang Elias na patayin na rin ang sariling ilaw, dahil sa liwanag na nagmumula sa kanyang lampshade. May mga umuukilkil na tanong sa kanyang isip: birthday ba ngayon ni Mang Simon? Nagiging makakalimutin na ba siya?

Ngayong umaga lamang nagbalik ang kanyang memorya. Kaarawan niya ngayon. Sa edad na 81, tila hindi na niya alam kung realidad pa ba ang nangyayari sa paligid dahil sa katotohanang si Mang Simon ay namaalam na kagabi. Maraming nangyayari nang sabay-sabay kay Mang Elias: paghabol na hininga sa madaling araw, paghahanap ng katabi sa higaan, paglalakbay sa sukat na sukat na higaang naging saksi sa mga pangarap at pangitain, mga kumot na nagmistulang ulap ng kalawakan kung saan naglalakbay ang mga kaluluwang pilit na nagkukubli sa mga dingding, mga unan na may kakayahang marinig ang mga panaghoy, alinlangan, reklamo mula sa paninikil sa sarili na lumaya.

Ganito pala ang pakiramdam. Habang nagdidilim ang paligid ni Mang Elias ay tila may mga kidlat-kislap na natatanaw siya sa malayo. May kung anong bagay ang tumutusok sa kanyang dibdib at hindi maipaliwanag ang kirot nitong dulot, dahilan upang bumulwak ang kanyang pantog. Nabasa ang kanyang pundilyo at nadumog ang kutson ng kanyang kama. Nagsalimbayan ang mga alaalang biglang tumambad sa kanyang pagkakahiga sa kama. Wala siyang ideya kung saan nanggaling ang mga

larawang iyon ng kanyang buhay. Salit-salit, paiba-iba, at isang ngiti ang sumilay sa kanyang mukha dahil hindi siya nag-iisa sa mga larawang lumilitaw sa kanyang alaala. Palayo na ang mga natitirang pakiramdam at bahagya na lamang niyang nauulinigan ang tunog ng ambulansiyang paparating, kaunti na lamang ang pait ng Aspirin na nananatiling nasa ibabaw ng kanyang dila, naninigas na ang kanyang balat sa namamanhid na mukha. Ang huling natitirang lakas ay ginamit niya para igalaw ang kanyang kamay sa kaya nitong maabot. Saka bumalong ang pilak na luha, dumaloy sa kanyang pisngi, kasabay ng huling hugot ng hininga.

Balita sa TV Patrol Bikol noong araw na iyon:

*Sa loob ng dalawang bahay sa Progress Homes na pinaghihiwalay lamang ng bakod, natagpuan ang bangkay ng dalawang matanda. Nakilala ang mga ito bilang sina Elias Evangelista, 81, at Simon Salvador, 76. Nakapagtatakang ang dalawang bahay na ito ay may iisang silid tulugan lamang. Natagpuan ang dalawang matanda sa kanilang kama na magkahawak-kamay.*